***Kandila***

*written by stainless_pen ♥*

**“Amiya Flerido, I give you this ring as a sign of my love. I choose you to be my wife, to have and to hold, from this day forward, for better or for poorer, in sickness and in health, to love and to cherish, till death do us part.”**

Now it’s my turn.

Hinarap ko na siya. Hindi ko akalaing hanggang dito pala ay magkasama parin kami. Pwede palang isang kandila lang ang makapagpabago sa buhay ng dalawang tao.

Tandang tanda ko pa nung nagprusisyon kami.

**

**“Ate, pwede po pasindi?”**

Sinindihan ko na yung kandila ko at nagstart nang maglakad. Syempre, todo bantay dahil baka mamatay nanaman ang ilaw nito.

Nasa kalagitnaan na ng prusisyon nun nang may batang lalaki ang bumunggo sa akin. Mga 4 years old pa siguro siya kaya napalingon ako sa likod ko.

**“oh, bata, mag-ingat sa paglalakad ah? Ang dami pa namang kandila. Baka mamaya matulu-an ka pa.”** Sabi ko dun sa bata at maya-maya pa ay may humabol sa kanyang binata. Oh well, gwapong binata.

**“Jezy, halika! Wag kang lumayo sa akin. Mawala ka pa dyan.”** atsaka niya kinuha yung bata.

Balik naman ako sa paglalakad.

Maya-maya, may mga lalaking magbarkada na tumabi sa akin at sumabay sa paglalakad. Hala, baka mga magnanakaw to. Minadali ko na ang paglalakad ko pero di naman yung halata na nagmamadali. Hanggang…

**wooooosh!**

**“hoy! Langya ka! bat mo pinatay yung kandila ko?!”**

nakooooo! todo alaga pa naman ako sa kandila ko!

**“ayeeeee! nakz! Kaw Chance ha! naka-score kana!”**

**“galing mo naman Chance!”**

huh? anong nangyayari? Bat kami inaasar ng mga barkada niya?! Pinagtripan ba ako nito?!

**“ah…eh.. sorry. Dare lang.”** tsaka siya nagsmile sa akin. Di ko napansin, kasama pala sila nung batang nakabunggo sa akin kanina.

Nilapitan ko yung bata. **“hello! Jezy pala pangalan mo. Ang cute mo naman!”** sabi ko sa bata sabay kurot nung isang pisngi niya. Syempre, nakahawak sa kandila yung isang kamay ko eh.

**“Hmp! Mas cute ako noh.”** biglang sabi nung lalaking sa pagkakaalam ko, ay nagngangalang Chance.

**“Magkaano-ano ba kayo? Apo mo siya sa talampakan?!”**

**“Pinsan ko yan. Pero hmm. pwede na rin. basta sa akin nagmana yang kakyutan niyan.”**

**“Neknek mo! kapal ng muks** (mukha)**.”**

**“Anong sabi mo? Cute ng muks?”**

**“Sapak gusto mo?!”**

**“o-oy! wag naman! Kokonti nalang ang mga gwapong straight!”**

Ewan ko sa taong ito!

Nagmadali na ako sa paglalakad at nagsindi naman ng kandila.

**woooooosh!**

pinatay naman ang kandila ko. URGGGHH! Ano bang trip ng taong to?!

**“hoy. Kung gusto mo ring mamatay, gumawa ka na ng 3 last words mo at ako na ang bahala sa mga taong magpu-prusisyon para sayo okay?”**

**“heheh. Wag na. Kawawa na ang world. Mababawasan ng mga pogi.”**

**“pogi your feyys”** bulong ko atsaka ko siya inirapan.

**“ha?”**

**“wala. Sabi ko wag mo nang patayin tong kandila ko kung gusto mo ring makita ang araw bukas!”**

tumahimik nanaman siya at nagmadali naman ako sa paglalakad.

At nakisindi nanaman.

*woooosh!*

EH KUNG SUSUNUGIN KO NA KAYA TONG TAONG TO NOH?! at nang matahimik na ang kanyang kaluluwa.

okay. Cool down Amiya. Wag kang mageskandalao ngayon. =_="

tinignan ko siya nang masama at dahan dahan na sinabing **“Wag mo nang patayin tong kandila ko puh-liiiiiis???”** with my most seducing voice. MWAHHAH! kilabutan ka sana! Sayang kagwapuhan mo kung ganyan ka kapangasar!

Pero infairness ha, gwapo naman talaga siya.

Haaaaayyyyy…

**“heheh. Sorry na. Wa nang mapikon. Kung hindi na kandila ang lalapitan ko, pwede bang…**

**ikaw nalang?”**

**“HUH?”**

**“uuuuuuuy… kuyaaaa. Ang sweet sweet mo kay ate!”** biglang sabi ni Jezy sabay punta sa pagitan namin ni Chance. Hinawakan niya ang kamay ni Chance tsaka yung kamay ko. So imaginin niyo nalang na parang naglalakad kami like happy family. **“naku, alam mo ate, matagal ka nang crush nitong si kuya.”** biglang sabi nung bata. Binale-wala ko nalang.

psh -_- bata nga naman. Kahit ano-ano nang pinagsasasabi. Ni hindi pa nga alam ni Chance ang pangalan ko.

Lumingon ako kay Chance at hindi ko namalayang…… nawala na pala si Jezy sa tabi ko. That means…. magkahawak na kami ni chance!

kyaaaaaah! teka, namumula ba ako? lolaaaaa! Ang gwapo naman nitong ka holding hands ko!

pero wait, let's act muna na hindi ako kinikilig.

**"b-bat mo hinahawakan tong kamay ko?"**

ngumiti naman siya, **"ayaw mo?"**

**"…kasi ayaw mong yung kandila yung lalapitan ko eh. Edi ikaw nalang."** sabi niya tapos nagsmile.

Jusko! nakakatunaw ang smile!

okay, maldita mode. **“gusto mong mamatay?!”**

lumingon siya sa opposite side tapos my binulong na hindi ko naman narinig. Malamang, bulong nga diba?

***“Patay na patay na nga ako sayo eh.”***

**“a-ano?”** eh hindi ko naman talaga narinig nang maayos.

**“Wala. Sabi ko ginanahan ka na talaga sa paghawak ng kamay ko.”**

O_O

Anak ng—!! Oo nga pala!

bigla ko namang binawi yung kamay ko. Tapos ako naman ang bumulong sa kabilang side ko. **“Sayang pagkagwapo mo.”** =_=

**“ano?”**